




# Ano ang bilingguwalismo?

Tulungan  
ang inyong  
anak gamit  
ang inyong  
wika.



## Inangwika:

Ang wika ng isa o dalawang magulang. Maaring magkaroon ng higit sa isang inangwika ang bata.

FILIPPENSKA

## Móðurmál

– Organisasyon ukol sa Bilingguwalismo

Ilinataguyod po namin ang pagtuturo ng inangwika para sa mga kabataang bilingguwal at tulungan ang mga magulang na gumawa ng mga grupo para ituro ang kanilang wika.

Maraming grupo ang aktibo at maraming bagong grupo ng iba't-ibang wika ang binubuo at sumasali. Nais din po naming dagadagan ang kaalaman ukol sa bilingguwalismo sa pamamagitan ng pagtatalakay at karagdagang edukasyon.

May mga katanungan ka ba?

[www.modurmal.com](http://www.modurmal.com)

Nais mo bang sumali?

[modurmal@hotmail.com](mailto:modurmal@hotmail.com)

Makipag-ugnayan lamang po sa amin!

**Mayroon din po kaming Facebook!**

Móðurmál – Organisasyong Inangwika ay kaakibat ng Lungsod ng Reykjavík at tulong-pinansyal mula sa Pondo para sa mga Isyung Pang-imigrante o Próunarsjóður innflytjendamála.

## Bilingguwal at multilingguwal:

Ang mga batang may isang wika sa bahay at ibang wika sa labas ng bahay ay matatawag na bilingguwal. Ang mga batang nakakapagsalita ng dalawa o higit pa sa dalawang wika sa bahay at ibang wika sa labas ng bahay ay matatawag na bilingguwal o multilingguwal. Humigi't kumulang 70% ng mga tao sa mundo ay bilingguwal at gumagamit ng higit sa isang wika araw-araw. Ang mga bata ay madaling matuto ng dalawang wika nang magkasabay.


## Lahat ng wika ng bata ay mahalaga

Ang wika ang siyang susi sa pakikipag-usap at pakikipag-talastasan sa pamilya dito sa Iceland at sa mga kapamilya sa ibang bansa. Ang mga wastong kasanayan sa wika o language skills ang siyang tumutulong upang magkaroon ng malakas at matatag na pagkakakilanlan sa sarili at siyang daan upang makilahok ang bata sa sambayanan o society ng magulang at sambayanan ng Iceland. Ang mga batang bilingguwal ay madaling nakakapag-aral ng ibang wika sa darating na panahon. Maliban dito, magkakaroon sila ng mas maraming oportunidad sa edukasyon o trabaho.

# Paano ninyo matutu- lungan ang inyong anak gamit ang sariling wika?

Palaging gamitin ang sariling wika kapag kinakausap ang inyong anak. Sa pamamagitan nito, matututo ang bata. Huwag pagalitan ang anak kung sasagot ng ibang wika pero ulitin lamang ang kan-yang sinabi gamit ang inyong wika at magpatuloy sa pakikipag-usap.


Ang pinakamahusay na gawin ay lumikha ng mga oportu- nidad para sa inyong anak na gamitin ang sariling wika sa pamamagitan ng paggamit at pagturo ng mga mas malalalim na salita at pangungusap na higit pa sa “ku- main ka na”, “matulog ka na”, magsipilyo ka”, at iba pa.



Dalhin ang bata sa mga pagdiriwang o ibang lugar na ang gamit ay inangwika para makita at makasama niya ang ibang mga taong nagsasalita din ng inyong inangwika.




Turuan ang inyong anak ng mga kwento, kanta, kwentong-bayan, at mga laro na parte ng inyong kultura at wika.




Gamiting ang inyong inangwika para pag-usapan ang mga palabas sa telebisyon at mga pelikula na gusting panoorin ng inyong anak.




Tanungin ang inyong anak kung anong ginawa niya sa paaralan. Maariri ninyong tulungang ang inyong anak sa kaniyang takdang-aralin sa pamamagitan pakikipag-usap tungkol dito at paghanap ng parehong tema o paksa sa internet o sa ibang libro.



Magbasa ng libro para sa inyong anak at pag-usapan ninyo ang mga nilalaman nito.



Huwag ipaghalo ang mga wika sa pakikipag-usap sa inyong anak.



Magluto at mag-bake kasama ng inyong anak, tingnan ang mga aklat ng pagluluto, o gamitin ang internet para humanap ng recipe sa inyong wika na konektado sa inyong kultura.